# MARUNGKO BOOKLET

## Gabay sa Pagbasa

### Mga Hiram na Titik

Ikalimang Bahagi

5



Inihanda ni:
**Teacher Kim Dela Cruz**

# Mga Hiram na Titik

## C c



| | | |
|---|---|---|
| can - ton | Kain ka na ng **canton** habang mainit pa. |  |
| ca – me - ra | Kuhanan mo ako ng litrato gamit ang **camera** mo. |  |
| ca – bi - net | Ano ang laman ng iyong **cabinet**? |  |
| cac - tus | Mag-ingat ka! Baka matusok ka ng **cactus**. |  |
| co - mics | Nakakatuwang magbasa ng **comics**. |  |
| ma-ca-pu-no | May **macapuno** sa halu-halo. |  |
| doc - tor | Pangarap ko ang maging **doctor** at gamutin ang may sakit. |  |
| a-vo-ca-do | Masarap ang **avocado** na may gatas. |  |

# isang

## Mga Hanap-buhay

1. Si Carmen ay **isang** doctor. Siya ay

gumagamot ng may sakit.



2. Si Cardo ay **isang** pulis. Siya ay

______________________________.



3. Si Marco ay **isang** bumbero. Siya ay

______________________________.



## Pupunta kami sa Ilocos!



Mamasyal kaming pamilya
Sa Ilocos kami ay pupunta

Dala ni ate Cara
ang kanyang camera
Pupunuin daw niya
ng magagandang ala-ala

Mahaba raw ang biyahe sabi ni kuya Rico
Kaya comics ay bitbit niyang sigurado

Ako naman ay takot magutom sa biyahe
Canton na ibinaon ay nangamoy sa kotse



# Pag-usapan natin ang tula!

1. Saan pupunta ang pamilya?

   ________________________________________________


2. Ano ang dadalhin ni ate Cara?
   a. camera
   b. comics
   c. Canton

3. Ano ang ibig sabihin ng "pupunuin ng magagandang ala-ala"?
   a. mga larawan ng mukha ni ate Cara
   b. mga larawan ng magagandang tanawin
   c. mga larawan ng masasayang karanasan sa biyahe

4. Bakit kaya nagdala si kuya Rico ng comics?
   a. dahil paborito niya ito
   b. para hindi mabagot sa mahabang biyahe
   c. para matawa siya


5. Kung ikaw ang pupunta sa Ilocos, ano ang mga nais mong dalhin? Iguhit ang mga ito sa ibaba.

# Mga Lugar sa Pilipinas



# Mga Hiram na Titik

## F f



| | | |
|---|---|---|
| fan | Ako ay **fan** ni Alden. |  |
| fol - der | Nasa loob ng **folder** ang mga resibo. |  |
| Fi-li-pi-no | Ang wika namin ay **Filipino**. |  |
| Fe - li - pe | Si **Felipe** ay magalang. |  |
| Fa – ti - ma | Nagbabasa si **Fatima** ng aklat. |  |
| Fer-nan-do | Si **Fernando** ay kaibigan ko. |  |
| Af-ri-ca | Maraming hayop sa bansang **Africa**. |  |

# kailan

## Isang Linggo ng Pagbuo ng Upuan

Efren: **Kailan** mo sinimulan ang paggawa ng upuan?
Karpintero: **Lunes** ko ginuhit ang disenyo.



Efren: **Kailan** ka naman nakabili ng materyales?
Karpintero: Dumating noong **Martes**.



Efren: **Kailan** mo pinutol ang mga kahoy?
Karpintero: Nilagari ko noong **Miyerkules.**



Efren: **Kailan** mo nabuo?
Karpintero: **Huwebes** ay tapos nang maipako.



Efren: Ang galing naman. **Kailan** mo inukit ang mga disenyo?
Karpintero: Noong **Biyernes.**



Efren: **Kailan** mo naman napinturahan?
Karpintero: Natapos ko noong **Sabado**.



Karpintero: Linggo ay naupuan na namin ito.





# Pag-usapan natin ang kuwento!

1. Ano ang ginawa ng karpintero?

2. Ano ang unang hakbang sa pagbuo ng upuan?
   a. bumili ng mga materyales
   b. gumuhit ng disenyo
   c. magputol ng kahoy

3. Bakit mahalaga ang pagguhit ng disenyo?
   a. para maipagyabang sa ibang tao
   b. para gumaling rin sa pagguhit
   c. para maiwasan ang magkamali


4. Bakit kaya hindi na lang bumili ang karpintero ng upuan?
   a. dahil mas mahal ang upuan sa pamilihan
   b. dahil mas espesyal kung siya ang gagawa
   c. dahil wala siyang ibang magawa

5. Kung ikaw ang magdidisenyo ng isang upuan, ano ang magiging hitsura nito? Iguhit sa ibaba.


# PAGSASANAY!





*Isulat ang mga araw sa loob ng isang linggo.*

| Mga araw sa isang linggo | Mga hakbang sa paggawa ng upuan |
|---|---|
| 1. L u n e s |  |
| 2. _ _ _ _ _ _ |  |
| 3. _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ |  |
| 4. _ _ _ _ _ _ _ |  |
| 5. _ _ _ _ _ _ _ _ |  |
| 6. _ _ _ _ _ _ |  |
| 7. _ _ _ _ _ _ |  |


# Mga Hiram na Titik

**J j** 

| | | |
|---|---|---|
| jam | Ang palaman ay **jam**. |  |
| jet | Ang bilis ng **jet**! |  |
| nin-ja | Sumipa ang **ninja**. |  |
| Jor - dan | Ako ay fan ni **Jordan**. |  |
| Joy | Masipag si **Joy**. |  |
| Ja - net | Si **Janet** ay mapagbigay. |  |
| Ja - pan | Nais kong pumunta sa **Japan**. |  |

# anong

## Mga Damdamin

| | | |
|---|---|---|
| __e__ 1. **Anong** nararamdaman ni Jena? |  | a. nalulungkot |
| _____ 2. **Anong** nararamdaman ni Mico? |  | b. natatakot |
| _____ 3. **Anong** nararamdaman ni Jessica? |  | c. nagagalit |
| _____ 4. **Anong** nararamdaman ni Fatima? |  | d. inaantok |
| _____ 5. **Anong** nararamdaman ni Jim? |  | e. nagugulat |
| _____ 6. **Anong** nararamdaman ni Carol? |  | f. nahihiya |
| _____ 5. **Anong** nararamdaman ni Jessa? |  | g. masaya |

# Ang Tiyan ni Tatay

| | |
|---|---|
| Director: | Sa ospital, nakahiga si Jojo. |
| Jojo: | Aray! Ang sakit! |
| Director: | Hawak ni Jojo ang tiyan niya. |
| Jojo: | Masakit talaga. |
| Director: | Dumating ang pamilya ni Jojo. |
| Janet: | Itay! |
| Director: | Umiiyak si Janet. |
| Janet: | Itay, sana ay gumaling ka na. |
| Jojo: | Sana nga, anak. |
| Fe: | Itay, ano pong masakit? |
| Jojo: | Ang tiyan ko, anak. |
| Director: | Dumating ang doctor. |
| Doctor: | Maaari ka na pong makalabas. |
| Fe: | Po? Bakit po? |
| Janet: | Magaling na po ba siya? |
| Doctor: | Wala naman siyang sakit. |
| Jojo: | Bakit po masakit ang tiyan ko? |
| Doctor: | Gutom lang. Heto ang tinapay. Lagyan mo ng jam. |
| Director: | Tumawa ang lahat. |
| Lahat: | Hahahahahaha! |

# Pag-usapan natin ang kuwento!

1. Saan naganap ang kuwento?
   a. paaralan
   b. bahay
   c. ospital

2. Bakit napa-aray si tatay?
   a. nahulog siya sa hagdan
   b. masakit ang tiyan niya
   c. kinurot siya ng doctor

3. Ano kayang naramdaman ng mga anak ni Jojo nang malaman na nasa ospital ang kanilang ama?
   a. nag-alala
   b. nalungkot
   c. nagutom

4. Ano ang dahilan kung bakit masakit ang tiyan ni tatay?
   a. may malala siyang sakit
   b. nagugutom siya
   c. sinuntok siya

5. Pagkalabas ng ospital, ano kayang ginawa ng pamilya ni Jojo? Iguhit ang iyong sagot.

# PAGSASANAY!




*Punan ang mga patlang ng mas angkop na salita.*

| | |
|---|---|
| 1. Ang jam ay _______________. | maalat<br>matamis<br>mapait |
| 2. Ang jet ay _______________. | mabilis<br>mabagal<br>mahangin |
| 3. Ang ninja ay ____________. | sumayaw<br>lumangoy<br>sumipa |
| 4. Ang folder ay may lamang_________________. | pagkain<br>papel<br>pintura |
| 5. Ang cabinet ay may lamang________________. | sasakyan<br>hayop<br>damit |
| 6. Ang cactus ay isang_______________________. | hayop<br>halaman<br>lugar |

# Mga Hiram na Titik

## Ñ ñ



| | | |
|---|---|---|
| San-to - Ni-ño | May **Santo Niño** sa kuwarto ni lola. |  |
| Ni - ña | Kulot ang buhok ni **Niña** na parang sa Santo Niño. |  |
| ca-ri-ño-sa | Sumayaw kami ng **cariñosa** noong pista. |  |
| do – ña (donya) | Maraming alahas ang **doña**. |  |
| pi – ña (pinya) | Ang **piña** ay maasim at matamis. |  |
| Ma-la-ca-ñang | Ang pangulo ay nakatira sa **Malacañang**. |  |
| Dasmariñas | Ang lungsod ng **Dasmariñas** ay malayo. |  |

# naman

# Si Niño at Si Niña

Si Niño at si Niña
ay magkamukhang-magkamukha
Kambal na tila
pinagbiyak na bunga

Mahilig maglaro si Niño,
mahilig **naman** si Niña na magbasa
Pagsayaw ang hilig ni Niño,
kay Niña **naman** ay pagkanta



Magkaiba ang gustong meryenda
Magkaiba ang gustong alaga
"Ayoko" at "gusto ko"
Walang nagpapatalo

Magkaiba ang mga katangian
Pag-aaway ay hindi maiwasan
Ngunit nagbabati rin **naman**
Dahilan ng away mabilis nalilimutan

# Pag-usapan natin ang tula!

1. Ano ang relasyon nina Niño at Niña?
   a. magkaibigan
   b. magkapatid
   c. magpinsan

2. Ano ang ibig sabihin ng "pinagbiyak na bunga"?
   a. magkamukha
   b. magkagalit
   c. magkalapit

3. Bakit sila madalas mag-away?
   a. dahil masama ang kanilang mga ugali
   b. dahil gusto lang nila
   c. dahil marami silang pagkakaiba

4. Bakit kaya mabilis lang din silang magbati?
   a. dahil mahal pa rin nila ang isa't-isa
   b. dahil utos ng magulang nila
   c. dahil nakokonsensiya sila

5. Kung may taong iba ang katangian o opinyon sa iyo, ano ang gagawin mo? Isulat ang sagot sa ibaba.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

# PAGSASANAY! 

*Punan ang mga patlang ng angkop na salita upang mabuo ang kuwento. Piliin ang mga salita sa kahon.*

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Santo Niño** | **Niña** | **cariñosa** | **doña** |
| **piña** | **Malacañang** | **Dasmariñas** | |

May isang mayamang ____doña____ ang pangalan ay____________ nakatira sa ____________. Buhok niya ay kulot tulad ng isang ____________.

Nakapunta siya sa ____________ at nakilala ang pangulo. Naging magkaibigan sila at sumayaw pa ng ____________. Sabay rin silang kumain ng ____________ na ubod ng asim. Masayang masaya si ____________.

Kaya lang ay nagising siya!

Ay panaginip lang pala!

# Mga Hiram na Titik

**V v** 

| | | |
|---|---|---|
| van | Sumakay kami sa **van**. |  |
| vet | Dinala namin ang aso sa **vet**. |  |
| vinta | Ang vinta ay isang bangkang makulay. |  |
| Vic - tor | Ililigtas tayo ni **Victor** Magtanggol. |  |
| Vic | Nakakatawa talaga si **Vic**. |  |
| Vil - ma | Si **Vilma** ay artista |  |
| Ca – vi - te | Nakatira ako sa Dasmariñas, **Cavite**. |   |
| Vi – sa - yas | Hindi pa ako nakapunta sa **Visayas**. |  |

# tawag

## Mga Katangian

| | |
|---|---|
| _C__1. Anong **tawag** sa taong tumutulong sa nangangailangan tulad ni Vilma? | a. magalang |
| ____2. Anong **tawag** sa taong nagsasabi ng totoo? | b. masikap. |
| ____3. Anong **tawag** sa taong hindi sumusuko kahit nahihirapan? | c. matulungin. |
| ____4. Anong **tawag** sa taong laging nakangiti tulad ni Vic? | d. masayahin. |
| ____5. Anong **tawag** sa taong laging nagsasabi ng "po" at "opo"? | e. mapagtimpi. |
| ____6. Anong **tawag** sa taong hindi madaling magalit? | f. matipid |
| ____7. Anong **tawag** sa taong hindi magastos tulad ni Vilma? | g. matapat |

# Ang Libangan ni Nanay



Fan si nanay ni Vic at Vilma
Paborito niyang mga artista
Kay Vic siya ay tawang-tawa
Puro iyak naman siya kay Vilma

Isang gabing maulan ng malakas
Habang nanonood ng paboritong mga palabas
Kumulog at kumidlat
Kami ni nanay ay nagulat

Kuryente sa bahay ay biglang nawala
Nagbalik rin naman ngunit parang may hindi tama
Telebisyon ni nanay ayaw magbukas
Lungkot ni nanay ay bakas na bakas

Sabi sa pagawaan ay isang Linggong aayusin
Lungkot ni nanay isang Linggo din bang titiisin?
Hindi! Kaya lahat ay aking gagawin
Tulad ni Vilma at Vic, siya ay aking lilibangin

# Pag-usapan natin ang tula!

1. Ano ang libangan ni nanay?
   a. pakikinig ng radyo
   b. pagbabasa ng diyaryo
   c. panonood ng telebisyon

2. Sino ang mga paborito niyang artista?

   ____________________ at ______________________

3. Bakit nawalan ng kuryente?
   a. hindi kasi sila nakakabayad
   b. kumidlat ng malakas at marahil tinamaan ang kanilang poste ng kuryente
   c. dahil nagtitipid sila sa kuryente

4. Bakit nalungkot ang nanay?
   a. dahil takot siya sa dilim
   b. dahil takot siya sa kidlat
   c. dahil hindi siya makakapanood ng mga palabas

5. Kung nanay o tatay mo ang malungkot, ano ang gagawin mo?

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________


______________________________________________________

______________________________________________________

# PAGSASANAY!



*Punan ang mga patlang ng 'b' o 'v' upang mabuo ang mga salita.*




1. May sakit ang aking aso. Pupunta kami sa __et.

2. Ang lalawigan ng __ohol ay nasa __isayas.

3. Mas malaki ang __arko kaysa sa __inta.

4. Ang dami naming aalis kaya sumakay kami sa __an.

5. Si tatay ay nag__e__enta ng mga __inta. Ang _inta ay makulay na __angka.

6. Si __unso ay may sakit kaya pupunta kami sa doctor.

# Mga Hiram na Titik

## X x



| | | |
|---|---|---|
| e-xit | Sa **exit** tayo lalabas. |  |
| e-xam | Madali lang ang **exam**. |  |
| wax | Makintab ang buhok na may **wax**. |  |
| ta-xi | Sumakay kami sa **taxi**. |  |
| Rex | Busog na si **Rex**. |  |
| Fe - lix | Si **Felix** ay isang pusa. |  |
| Dex - ter | Si **Dexter** ay mahilig mag-imbento. |  |
| Me – xi - co | Maraming maanghang na pagkain sa **Mexico**. |  |

# kaysa

## Paghahambing


Mas malaki ang van **kaysa** taxi.




Mas malakas kumain si Max **kaysa** kay Rex.



Mas malayo ang Mexico **kaysa** Japan.




Mas mabilis ang jet **kaysa** eroplano.



# Ang Tatlong Magkakapatid



May tatlong lalaking magkakapatid. Magkakalapit lang ang kanilang mga edad kaya madalas silang paghambingin. Sino kaya sa kanilang tatlo ang pinakamagaling?

Pinakamatalino daw si Dexter. Matataas ang kaniyang mga marka sa paaralan. Si Felix naman daw ang pinakamabait. Magalang siya at sumusunod sa utos ng magulang. Si Rex daw ang pinakatalentado. Magaling sumayaw at kumanta kaya puwede raw mag-artista.

Ngunit ano pa man ang sabihin ng iba, batid ng kanilang mga magulang na may iba't-iba silang galing kaya hindi dapat sila paghambingin.



# Pag-usapan natin ang kuwento!

1. Ano ang mga pangalan ng magkakapatid?

   ______________________

   ______________________

   ______________________

2. Sino daw sa kanila ang pinakamabait?
   a. Felix
   b. Rex
   c. Dexter

3. Bakit madalas silang paghambingin?
   a. dahil mapanghusga ang mga tao
   b. dahil magkakalapit sila ng edad
   c. dahil magkakamukha sila

4. Bakit hindi dapat paghambingin ang mga tao?
   a. dahil lahat tayo ay may angking galing
   b. dahil baka magkaroon ng away
   c. dahil ito ay masama

5. Ano ang iyong natatanging talento o galing? Paano mo ito ipanapakita sa iba?

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________


______________________________________________________


# PAGSASANAY! 

*Ayusin ang mga titik upang mabuo ang salitang angkop sa larawan.*

| | | |
|---|---|---|
| 1.   | i t x a | taxi |
| 2.  | x m a e | |
| 3.  | r e d f l o | |
| 4.  | c c a u t s | |
| 5.   | e t x i | |
| 6.  | j a n i n | |
| 7.  | v i t n a | |

# Mga Hiram na Titik

## Z z 

| | | |
|---|---|---|
| zig - zag | Ang daan ay **zigzag**. |  |
| zum - ba | Sumayaw kami ng **zumba**. |  |
| zip - per | Ay! Nakabukas ang **zipper**! |  |
| Ri - zal | Si **Rizal** ang pambansang bayani. |  |
| Zo - ren | Si **Zoren** ay mabait na ama. |  |
| Zam – ba - les | Masayang mamasyal sa **Zambales**. |   |
| Lu - zon | Ang **Luzon** ay malaking isla. |   |

# Zumba



Itaas ang kamay!
Iwagayway!
Hakbang pakanan,
**kanan**, **kanan**
Hakbang pakaliwa,
**kaliwa**, **kaliwa**
Kembot sa **kanan**,
kembot sa **kaliwa**
Talon! Ulitin!

Ang zumba ay isang paraan ng ehersisyo na ginagamitan ng pagsayaw. Madalas ay sama-sama ang mga nagzuzumba na may sinusundang isang guro. Kahit anong edad ay puwede itong gawin.

Bukod sa masaya ang pagzu-zumba, mabuti rin ito sa kalusugan. Sa mabilis na paggalaw, napapatibay nito ang puso dahil napapabilis ang tibok nito. Ang pagpapawis naman ay epektibo sa pagtunaw ng taba. Kaya tara! Zumba tayo!

# *Pag-usapan natin ang sanaysay!*

1. *Ano ang pamagat ng sanaysay?*

   ______________________

2. *Puwede ba ang pagzuzumba sa mga bata?*
   a. *oo*
   b. *hindi*
   c. *siguro*

3. *Paano napapatibay ng pagzuzumba ang puso?*
   a. *gusto ng puso ang masayang musika*
   b. *bumibilis ang tibok nito*
   c. *lumalaki ang mga buto sa paligid nito*

4. *Bakit mabuti ang pagpapawis?*
   a. *dahil natutunaw ang taba*
   b. *dahil sobra ang tubig sa katawan*
   c. *dahil uso ito*

5. *Anong ehersisyo ang iyong ginagawa sa bahay? Paano ito nakabubuti sa iyo?*

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

# PAGSASANAY! 


*Isulat sa patlang ang angkop na salita para sa mga larawan sa ibaba.*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ikot | suntok | kembot | kindat | kaway |
| takbo | sipa | talikod | talon | dapa |

| | | | |
|---|---|---|---|
|  | 1. talon |  | 6. ________ |
|  | 2. ________ |  | 7. ________ |
|  | 3. ________ |  | 8. ________ |
|  | 4. ________ |  | 9. ________ |
|  | 5. ________ |  | 10. ________ |

# Mga Hiram na Titik

**Qu qu** 

| | | |
|---|---|---|
| A – qui - no | Si **Aquino** ay dating pangulo. |  |
| Que - zon | Si **Quezon** ay makikita sa pera. |  |
| En – ri - que | Si **Enrique** ay matalik kong kaibigan. |  |
| Ra - quel | Mahaba ang buhok ni **Raquel**. |  |
| An – ti - que | Maraming bundok sa **Antique**. |  |
| Pa-ra-ña-que | Sa **Parañaque** ako pupunta. |  |
| Qui – ri - no | Malinis ang dagat sa **Quirino**. |  |

# kaniya

## Ang Batang Dayuhan



Si Quintin ay isang batang dayuhan
Pilipinas na ang **kaniyang** bagong tahanan
Buhok niya ay dilaw ang kulay
Mga mata niya ay asul na mapungay

Iba ang **kaniyang** pananalita
Ang maintindihan siya ay hindi ko magawa
Kaya nilapitan ko siya at nginitian
Ngumiti rin siya na parang isang kaibigan

Inabot ko sa **kaniya** ang hawak kong bola
Natuwa siya at tumango-tango
Sabay kaming mabilis na tumakbo
At sa bukid kami ay masayang naglaro

# *Pag-usapan natin ang tula!*

1. *Ano ang pangalan ng batang dayuhan?*

   ________________________________________________

2. *Ano ang kulay ng kanyang mata?*
   a. *dilaw*
   b. *asul*
   c. *itim*

3. *Anong ginawa ng bata para magkaintindihan sila kahit magkaiba ang kanilang salita?*
   a. *tinapik niya ito*
   b. *tinanguan niya ito*
   c. *nginitian niya ito*

4. *Ano kaya ang naramdaman ni Quintin nang ngitian siya ng bata?*
   a. *nalito siya*
   b. *nagtaka siya*
   c. *natuwa siya*

5. *Ngumiti at humarap sa salamin. Anong naramdaman mo nang makita ang sariling nakangiti? Humarap sa tatlong tao at ngitian sila. Tingnan ang kanilang magiging reaksiyon.*

# Mga Kaibigan sa Iba't-Ibang Bansa













